

Abiso tungkol sa “Mga Paghihigpit sa Trabaho Batay sa Infectious Diseases Act”

Kagawa Prefecture

Ipinagbigay-alam na ng iyong doktor sa public health center na ikaw ay na-diagnose na may tuberculosis (TB).

Dahil sa panganib ng pagkalat ng TB, may mga paghihigpit sa pagtatrabaho sa industriya ng serbisyo at iba pang trabahong may kinalaman sa pakikisalamuha sa maraming tao.

Mga trabahong may mga paghihigpit at ang kanilang tagal

- ◇ Ang mga abiso ng paghihigpit sa trabaho ay ibinibigay sa mga pasyenteng may nakakahawang sakit upang matiyak na hindi sila papasok sa ilang partikular na trabaho sa loob ng itinakdang panahon upang maiwasan ang pagkalat ng impeksiyon sa iba sa pamamagitan ng trabaho.
- ◇ Ang mga paghihigpit sa trabaho kaugnay ng TB ay kumakapit sa **“industriya ng serbisyo at iba pang trabahong may kinalaman sa pakikisalamuha sa maraming tao.”** Hindi kumakapit ang paghihigpit sa mga partikular na uri ng trabaho; sa halip, kung ang trabaho ay kabilang sa “iba pang trabahong may kinalaman sa pakikisalamuha sa maraming tao,” ito ay sakop ng paghihigpit.

Ang mga abiso ng paghihigpit sa trabaho ay ipinapadala rin sa mga kasalukuyang walang trabaho upang pigilan silang magtrabaho sa “industriya ng serbisyo o iba pang trabahong may kinalaman sa pakikisalamuha sa maraming tao” sa panahon ng paghihigpit.

- ◇ Ang panahon ng paghihigpit sa trabaho dahil sa TB ay **“hanggang sa wala nang dalang mga pathogen ang tao o hanggang sa mawala ang mga sintomas.”**

Mangyaring tandaan na hindi ka maaaring pumasok sa “iba pang trabahong may kinalaman sa pakikisalamuha sa maraming tao” hanggang matugunan mo ang mga sumusunod na pamantayan.

- ◇ Kung lalabag ka sa mga paghihigpit na ito, maaari kang patawan ng multa na hanggang 500,000 yen.
- ◇ Kung hindi ka nasisiyahan sa desisyong ito, maaari kang magsumite ng kahilingan para i-review ito sa Gobernador ng Kagawa Prefecture sa loob ng tatlong buwan mula sa araw na sumunod sa petsa na nalaman mo ang desisyong ito, at maaari kang magsampa ng kaso upang bawiin ang disposisyon sa loob ng anim na buwan, at pangalanan ang Kagawa Prefecture bilang nasasakdal.

Mga pamantayan para sa pag-aalis ng paghihigpit sa trabaho

- (1) Para sa mga kailangang maospital sa pagsisimula ng gamutan
Hanggang sa makumpirma na ang tao ay may tatlong magkakasunod na negatibong resulta sa sputum culture tests na isinagawa sa magkakaibang araw
Gayunpaman, ang ikatlong pagsusuri ay maaaring maging nucleic acid amplification test.
 - (2) Para sa mga hindi kailangang maospital sa pagsisimula ng gamutan
Hanggang sa makumpirma na ang tao ay may dalawang magkakasunod na negatibong resulta sa sputum culture tests o nucleic acid amplification test na isinagawa sa magkakaibang araw pagkatapos ng mahigit dalawang linggo ng karaniwang chemotherapy
- ◆ **Aabisuhan ka sa pamamagitan ng sulat kung inalis na ang iyong mga paghihigpit sa trabaho.**

Para makumpirma na hindi ka na sakop ng paghihigpit sa trabaho

- ◇ Sa panahon ng mga paghihigpit sa trabaho, maaari mong hilingin sa direktor ng public health center na kumpirmahin na hindi ka na sakop ng mga paghihigpit sa trabaho.
- ◇ Pagkatapos matanggap ang kahilingan para sa kumpirmasyon, susuriin ng direktor ng public health center ang mga resulta ng iyong pagsusuri, atbp., at kukumpirmahin kung hindi ka na sakop ng mga paghihigpit sa trabaho. (Para sa kumpirmasyon, maaaring hilingin sa iyo ng direktor na sumailalim ka sa isang partikular na pagsusuri.)

* Infectious Diseases Act: Act on the Prevention of Infectious Diseases and Medical Care for Patients with Infectious Diseases

[Makipag-ugnayan] ●● Public Health Center
Telepono: